

MGA DEBELOPMENTAL NA SCREENING

ANO ANG SCREENING?

Ang debelopmental na screening ay isang paraan para masuri kung paano lumalaki, natututo, at umuunlad ang iyong anak. Maaari mong kausapin ang doktor ng iyong anak tungkol sa pagkuha ng mga libreng screening. Madalas nilang ginagamit ang mga tool tulad ng Ages and Stage Questionnaire (ASQ) at Survey of Well-being of Young Children (SWYC).

Nakakatulong ang mga screening sa doktor na makita kung paano nagbabago at lumalaki ang iyong anak. Makakatulong din ang mga ito na makita ang anumang alalahanin sa kung paano mag-isip, gumalaw, magsalita, o kumikilos ang iyong anak.

SAAN MAKAKAKUHA NG MGA SCREENING

Maaari kang makakuha ng mga LIBRENG screening sa opisina ng doktor ng iyong anak.

Hindi ka nag-iisa ang paglalakbay na ito. Narito ang Mga ENRICH-LAC Family Partner para tulungan at suportahan ka sa paglikha ng mas magandang kinabukasan para sa iyong anak.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

ENRICH@ph.lacounty.gov



Ang ENRICH-LAC ay isang pakikipagtulungan sa pagitan ng:



Sinusuportahan ang mapagkukunang ito ng Health Resources and Services Administration (HRSA) ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos (U.S Department of Health and Human Services, HHS) bilang bahagi ng isang award na may kabuuang \$1,000,000 na mayroong 0% na pinondohan ng mga mapagkukunan walang kaugnayan sa pamahalaan. Ang mga nilalaman ay mula sa mga may-akda at hindi kinakailangang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, o isang pag-endorso, ng HRSA, HHS, o ng Pamahalaan ng Estados Unidos. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang HRSA.gov.



Early Needs Response (Maagang Tugon sa mga Pangangailangan) for Infant and Child Health (para sa Kalusugan ng Bata at Sanggol)
- Los Angeles County

ALAMIN ANG TUNGKOL SA ENRICH-LAC



Narito ang Mga ENRICH-LAC Family Partner para tulungan at suportahan ka habang pinangangalagaan mo ang kalusugan ng iyong anak.

TUNGKOL SA MGA SERBISYO NG ENRICH-LAC

Narito ang ENRICH-LAC para tulungan ang mga pamilya at tagapag-alaga ng mga batang may mga pangangailangan sa developmental, edukasyon, at espesyal na pangangalaga sa kalusugan. Narito ang aming Mga Family Partner para gabayan ka sa paglalakbay na ito.

PAANO MAKAKATULONG ANG MGA ENRICH-LAC FAMILY PARTNER

ALAMIN ANG MGA KINAKAILANGAN

Matutulungan ka naming maghanap at makakuha ng mga serbisyo para suportahan ang mga developmental at pang-edukasyong pangangailangan ng iyong anak.

PAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN AT ADBOKASIYA

Matutulungan ka naming mas magtiwala sa sarili at matuto kung paano magsalita para sa mga pangangailangan ng iyong anak at pamilya.



HAKBANG 1: MGA DEBELOPMENTAL NA SCREENING

Simulan ang developmental journey ng iyong anak sa pamamagitan ng screening sa opisina ng kanilang doktor. Makakatulong ito na matiyak na maaagang makakakuha ang iyong anak ng tamang suporta.

HAKBANG 2: KUMONEKTA SA MGA SERBISYO

Matutulungan ka ng aming Mga Family Partner na mahanap ang mga tamang serbisyo ng suporta para sa iyong anak.




HAKBANG 3: MAGTAKDA AT ABUTIN ANG MGA LAYUNIN

Makikipagtulungan kami sa iyo upang magtakda ng mga layunin para sa kalusugan, pag-uugali, edukasyon, at marami pa ng iyong anak. Maaari nating subaybayan ang pag-unlad at ipagdiwang ang mga tagumpay nang magkasama.

MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA PAG-UNLAD NG KABATAAN

MGA DEVELOPMENTAL MILESTONE (DEBELOPMENTAL NA MILESTONE)

Ang mga kasanayang tulad ng pag-upo at paggawa ng mga unang hakbang ay tinatawag na mga developmental milestone (developmental na milestone). I-scan ang QR code para malaman ang tungkol sa mga developmental milestone (developmental na milestone).



MGA PROGRAMA NG EARLY START (MAAGANG PAGSISIMULA)

I-scan ang QR code upang malaman ang tungkol sa mga programa ng Early Start (Maagang Pagsisimula) para sa mga sanggol at paslit.



MGA EARLY LEARNER (MAAGANG NAG-AARAL) NG LA COUNTY LIBRARY

I-scan ang QR code para sa mga mapagkukunan upang tumulong sa pagsagot ng mga tanong, humanap ng payo at solusyon, at maging aktibo sa pisikal na kalusugan at kalusugan sa pag-uugali, pakikisalamuha sa lipunan, akademya, at kapakanan ng iyong anak.

